# KOOPERASYON AT TEAMWORK

8

ARALIN

## MGA PAMANTAYANG TINUTUGUNAN

- Magpapakita ang mga estudyante ng pag-uugaling tulungan sa mga grupo.
- Magamit ng mga estudyante ang mga mabisang kasanayan sa komunikasyon.
- Makikipag-ugnayan ang mga estudyante sa iba upang tumuklas ng mga ideya at konsepto, magpabatid ng kahulugan, at bumuo ng mga lohikal na interpretasyon sa pamamagitan ng sama-samang pag-uusap.
- Maglilinang ang mga estudyante batay sa mga ideya ng iba upang malinaw na maipahayag ang kanilang mga sariling pananaw habang iginagalang ang magkakaibang pananaw.

## MGA LAYUNIN

Masabi ng mga estudyante kung bakit ang pakikipagtulungan sa iba ay maaaring gawing mas madali ang gawain.

Pahalagahan ng mga estudyante ang mga kasanayang kailangan para maging mabuting teammate.

Makakapaglista ang mga estudyante ng mga trabaho na nangangailangan ng mga tao upang magtrabaho bilang grupo.

## MGA KINAKAILANGANG MATERYALES

- Pisara o chart paper at mga marker ("Gagawin Natin")

## Panimula

10 Minuto

Itanong sa mga estudyante kung narinig na nila ang mga pabula ni Aesop. Sabihin sa kanila na ang pabula ay kuwentong nagtuturo ng ilang uri ng moral, o aral, sa buhay. Ipaliwanag na babasahin mo ang maikling pabula sa kanila, at kakailanganin nilang hulaan kung ano ang aral o moral. Basahin ang sumusunod na pabula:

"Isang Leon ang gumagala sa bukid kung saan nakatira ang Apat na Baka. Maraming beses niyang sinubukang salakayin ang mga ito; nguni't sa tuwing siya'y lumalapit, tatalikuran nila ang isa't isa, kaya kahit saang panig man siya lumapit, sungay ng isa sa kanila ang kaniyang masasagupa. Sa huli, gayunpaman, nagkaroon sila ng alitan at bawat isa ay naghiwa-hiwalay at nanginain mag-isa sa magkakahiwalay na sulok ng bukid. Pagkatapos ay isa-isa silang sinalakay ng Leon at hindi nagtagal tinapos silang apat."

Itanong kung may nakakaalam kung ano ang aral sa pabula na ito at talakayin. Pagkatapos, sabihin sa mga estudyante na matututunan nila ngayon ang tungkol sa kooperasyon at pagtutulungan bilang isang grupo. Sa kaso ng mga Baka sa pabula, nakaligtas sana sila laban sa Leon kung sila ay nanatiling nagkakaisa. Dahil sa kanilang pagtatalo at pagtangging magkasundo, isa-isa silang namatay.

## Kaalamang Ipinepresenta ng Guro/Gagawin Ko

10 Minuto

Gabayan ang klase sa pagtatalakay tungkol sa mga pag-uugali na nagtataguyod ng teamwork at kooperasyon. Itanong sa mga estudyante, "Anong mga aktibidad ang ginagawa ninyo at ng inyong

mga kaklase na nangangailangan ng teamwork at kooperasyon?" (*Maaaring kabilang sa mga halimbawa ang palakasan nilalahukan ng koponan, mga club, mga grupo ng pag-aaral, mga proyekto sa klase.)* Itala ang tugon ng mga estudyante sa tsart o pisara. Pagkatapos ay itanong sa mga estudyante, "Anong mga trabaho sa palagay ninyo ang nangangailangan ng mahusay na teamwork at kooperasyon?" Itala rin ang mga tugon na ito sa tsart o pisara.

# Pinapatnubayang Pagsasanay ng Estudyante/Gagawin Natin 20 Minuto

Bilang isang klase, mag-isip ng mahahalagang kasanayan na dapat tandaan kapag nagtutulungan bilang isang grupo upang maging matagumpay ito, at isulat ang mga ito sa tsart o pisara. (*Halimbawa, "Kapag nakikipagtulungan tayo sa iba, napakahalagang maging mabubuting tagapakinig din tayo."*)

# Sariling Pagsasanay ng mga Estudyante/Gagawin Mo 20 Minuto

Sabihin sa mga estudyante na magkakaroon sila ng pagkakataong isagawa ang kanilang mga kasanayan sa teamwork. Hatiin ang klase sa magkakapares at sabihin sa mga estudyante na magkasama silang guguhit ng elepante. Gayunpaman, hindi sila maaaring makipag-usap sa kanilang ka-partner, at dapat kapwa hahawakan ng magka-partner ang lapis habang gumuguhit. (Maaaring hawakan ng isa ang lapis sa itaas, at ang isa naman sa ibaba.) Bibigyan ng dalawang minuto ang magka-partner na iguhit ang elepante. Kapag nagsimula na ang timer, subaybayan ang mga pares, itala ang mga pares na gumagamit ng mga kasanayan sa teamwork na sinuri kanina. Tagubilinan ang mga estudyante na ibahagi ang kanilang mga iginuhit.

# Pagtatapos

10 Minuto

Tagubilinan ang mga estudyante na pagnilayan ang nakaraang aktibidad. Itanong ang mga sumusunod na katanungan upang pasiglahin ang talakayan: “Anong mga kasanayan ang dapat ninyong gamitin upang matapos ang gawain? Ano ang ilang dumating na problema sa inyong magkapares, at ano ang ginawa ninyo upang malutas ang mga ito?” Pagkatapos, paalalahanan ang mga estudyante na hindi laging madali ang pagtutulungan sa mga grupo. Gayunpaman, minsan sa buhay, pinakakapaki-pakinabang para sa mga tao na magtulungan sa mga grupo upang makamit ang komun na hangarin. Mahalagang laging tandaan na tratuhin ang lahat ng miyembro ng grupo nang may paggalang.

# Pagtatasa sa Estudyante

1. Bakit mahalagang kasanayan ang kakayahang makipagtulungan sa iba?
2. Sa palagay mo ba, kapag ikaw ay matanda na, kailangan mong makipagtulungan sa iba upang matapos ang trabaho?
3. Ano ang gagawin mo kung may isa sa inyong grupo na hinahayaan na lang ang iba na gawin ang lahat ng gawain?

# MGA PAGPAPALAWIG NG ARALIN

## PAGPAPALAWIG NG SINING

Tagubilinan ang mga estudyante na magtulungan sa maliliit na grupo upang magdisenyo ng poster na kumakatawan sa teamwork o kooperasyon.

## PAGPAPALAWIG NG KULTURA

Ipaalala sa mga estudyante na ang mahalagang bahagi ng pagtutulungan ng magkakasama ay ang pag-alam sa mga kalakasan ng lahat ng miyembro sa grupo, pati na rin ang iyong sariling kalakasan. Imbitahan ang mga estudyante na lumahok sa “panayam ng mga kalakasan” kung saan kakapanayamin nila ang kapwa upang matukoy ang tatlo hanggang limang kalakasan nila.

## PAGPAPALAWIG NG DRAMA

Tagubilinan ang mga estudyante na magsadula, kung saan gagamitin nila ang teamwork o kooperasyon upang malutas ang isang problema.

## PAGPAPALAWIG NG PE

Tagubilinan ang mga estudyante na magtulungan bilang isang malaking grupo sa sumusunod na aktibidad. Tatayo ang mga lakahok para bumuo ng bilog. Magsimula sa pamamagitan ng bola ng sinulid, kung saan hahawakan ang isang dulo habang hinahagis ang bola ng sinulid sa estudyanteng nasa tapat mo. Isa-isang ihahagis ang bola ng sinulid sa estudyante hanggang sa ang bawat isa ay may hawak na parte nito, upang makabuo ng malaking sapot. Pagkatapos, hamunin ang mga estudyante na magtulungan upang maalis ang buhol ng sinulid sa pamamagitan ng

paghakbang sa harap, ilalim, at sa loob ng sapot upang sa huli, ang buong klase ay nakatayo, hawak pa rin ang kanilang parte ng sinulid sa bilog. Ipaalala sa mga estudyante na ang punto ng aralin ay upang malaman kung ano ang teamwork at kung bakit mahalaga ang teamwork upang makamit ang hangarin. Kahit hindi natapos ng mga estudyante ang gawain, dapat nilang suriin kung ginamit nila ang wastong mga kasanayan sa teamwork.

# PAGPAPALAWIG NG ARALING PANLIPUNAN

Bilang takdang-aralin, maaaring magsaliksik ang mga estudyante ng kasalukuyang problema sa komunidad na nangangailangan ng teamwork upang malutas at ibahagi ang kanilang mga natutunan sa klase.